

Ang kaligayahan ay pagiging kontento sa kung ano man ang mayroon tayo



Kahit na mayroon tayong kasaganahan sa ating buhay, marahil ay hindi pa rin tayo makokontento. Ang mga tao ay sakim at walang-hangganan ang ating kasakiman.

Inaakala natin na nasusukat ang ating kaligayahan sa dami ng pera, ari-arian, katayuan, o karangalan. Ngunit ang mga ito ay hindi nakakapagbigay ng tunay na kaligayahan sa atin.

Walang hihigit sa kaligayahan na nararamdaman kapag nakakakita tayo ng pangkaraniwang halaman sa kalye, nakakakain tayo ng mga pagkain, o nakakadumi nang wasto.

Kung tayo ay makokontento sa kung ano ang mayroon na tayo, ang ating kaligayahan ay lalaki nang lalaki.

Tenrikyo, Mga Aral tungo sa Maligayang Pamumuhay

Ang kaligayahan ay pagiging kontento sa kung ano man ang mayroon tayo



Kahit na mayroon tayong kasaganahan sa ating buhay, marahil ay hindi pa rin tayo makokontento. Ang mga tao ay sakim at walang-hangganan ang ating kasakiman.

Inaakala natin na nasusukat ang ating kaligayahan sa dami ng pera, ari-arian, katayuan, o karangalan. Ngunit ang mga ito ay hindi nakakapagbigay ng tunay na kaligayahan sa atin.

Walang hihigit sa kaligayahan na nararamdaman kapag nakakakita tayo ng pangkaraniwang halaman sa kalye, nakakakain tayo ng mga pagkain, o nakakadumi nang wasto.

Kung tayo ay makokontento sa kung ano ang mayroon na tayo, ang ating kaligayahan ay lalaki nang lalaki.

Tenrikyo, Mga Aral tungo sa Maligayang Pamumuhay

Maituturing lamang ito na tunay na kagalakan kapag ito ay ibinahagi natin sa iba. Kung kayo ay naliligayahan subalit nagdudulot ng pagdurusa sa iba, hindi ito masasabing tunay na kaligayahan.

(Ang Salita ng Diyos, Banal na Kautusan, Ika-11 ng Disyembre, 1897)

Sinasabi rin na, “Ang pag-iisip na ang lahat ay maayos kung ang nangyayari sa kasalukuyan ay makabubuti lamang para sa pansariling kapakanan ay isang malaking pagkakamali.” Masaya kung tayo ay namumuhay nang ayon sa ating kagustuhan. Ngunit ito ay makasariling kaligayahan. Ang mga tao ay hindi mabubuhay nang matagal sa makasariling kaligayahan. Sa ngayon, tayo ay namumuhay sa maunlad na sibilisasyon at mayroong kasaganahan sa ating buhay. Ngunit wala itong halaga kung ang pamamaraan ng pagkamit sa mga kasaganahan na ito ay ang pagsasakripisyo o ang pag-apak sa katauhan ng ibang tao. Humanap tayo ng paraan kung paano tayong lahat at ang mga susunod na henerasyon ay mamumuhay nang mapagkumbaba at maligaya.



Maituturing lamang ito na tunay na kagalakan kapag ito ay ibinahagi natin sa iba. Kung kayo ay naliligayahan subalit nagdudulot ng pagdurusa sa iba, hindi ito masasabing tunay na kaligayahan.

(Ang Salita ng Diyos, Banal na Kautusan, Ika-11 ng Disyembre, 1897)

Sinasabi rin na, “Ang pag-iisip na ang lahat ay maayos kung ang nangyayari sa kasalukuyan ay makabubuti lamang para sa pansariling kapakanan ay isang malaking pagkakamali.” Masaya kung tayo ay namumuhay nang ayon sa ating kagustuhan. Ngunit ito ay makasariling kaligayahan. Ang mga tao ay hindi mabubuhay nang matagal sa makasariling kaligayahan. Sa ngayon, tayo ay namumuhay sa maunlad na sibilisasyon at mayroong kasaganahan sa ating buhay. Ngunit wala itong halaga kung ang pamamaraan ng pagkamit sa mga kasaganahan na ito ay ang pagsasakripisyo o ang pag-apak sa katauhan ng ibang tao. Humanap tayo ng paraan kung paano tayong lahat at ang mga susunod na henerasyon ay mamumuhay nang mapagkumbaba at maligaya.

